# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Biblical Studies
## CBS800 Sermon on the Mount

**Conrad Jun Tolosa**

### CBS801 Ang Mapapalad na Tao
### Introduction

Ang Sermon on the Mount ng Panginoong Jesus ay matatagpuan sa Matthew 5:1 hanggang 7:29. Sa bahaging ito ng ating pag-aaral, pipigain natin ang iba't ibang section nito upang maipon natin ang mga prinsipyo sa buhay na makapagdudulot sa atin ng magandang kapalaran na mangungusap sa mga taong nasa ating paligid. Hahatiin natin sa anim na parte ang kabuuan ng Sermon na ito ng Panginoon: 1) *Ang mapalad na tao* (5:1-12), 2) *Ang asin at ilaw* (5:13-16), 3) *Ang katuparan ng batas at mga propeta* (5:17-7:12), 4) *Ang maluwag at makipot na daan*, 5) *Mag-ingat sa mga huwad na propeta* (7:15-23), 6) *Ang pagbubuod ni Cristo* (7:24-27).

***1) Basahin: Matthew 5:1-12****.* Sa unang bahaging ito ng katuruan ni Cristo, dalawang bagay ang ating dapat bigyan ng pansin: *ang kapalaran ng tao* at *ang kaharian ng Diyos*. Sinasabi ni Cristo na may mga taong nakasusumpong ng magandang kapalaran at sila ay mayroong mga particular na katangian:

a) Ang mapapalad na tao ay yaong walang pagmamalaki. Alam nila na ang kanilang espiritu ay salat,
b) Sila ay marunong makiramay sa kalungkutan ng ibang tao,
c) Alam nila na wala silang katangiang taglay na katanggap-tanggap sa Diyos; kaya sila ay mayroong kababaan ng loob,
d) Sila ay mapagnasa at sabik sa katarungan,
e) Sila ay mahabagin,
f) Ang kanilang puso ay walang pagkukunwari,
g) Gumagalaw sila para sa kapayapaan; sila ay mapag-ayos ng gulo,
h) Sila ay mahinahon sa gitna ng pag-uusig.

Sila ay hindi kinalulugdan kundi kinamumuhian pa ng mundo dahil sa kanilang mga maka-Cristong katangian. Ang mapapalad na taong ito ang nakasusumpong ng kaharian ng Diyos, ang nakararanas ng pagpapasigla at pagkahabag ng Diyos. Nagkakaroon sila ng pang-unawa patungkol sa katarungan ng Diyos. At sila ang kikilalaning anak ng Diyos; sila ay natututo na manirahan sa kaharian ng Diyos dito sa lupa.

Kapag binuklod natin ang parteng ito ng Sermon on the Mount, halimbawa sa Luke 18:9-14, kung saan nagkuwento ang Panginoong Jesus, may matututuhan tayong gabay sa buhay:

May dalawang lalaki ang nagpunta sa templo, ang isa ay pariseo at ang isa naman ay kolektor ng buwis. Tumayo ang pariseo at nanalangin tungkol sa kanyang sarili:

*Diyos, salamat sa Iyo na hindi ako tulad ng ibang lalaki – magnanakaw, masasamang-loob, mangangalunya, -- o kaya naman ay tulad nitong nariritong kolektor ng buwis. Nagfa-fasting ako dalawang beses sang-linggo at nagkakaloob ako ng ikapu ng lahat ng aking kinikita.*

Ngunit ang kolektor ng buwis ay tumayo sa malayo-layo. Ni ayaw niyang tumingin ng pataas sa langit bagkus ay binabayo niya ang kanyang dibdib at nagsabing, *Diyos, kahabagan mo po ako na isang makasalanan*.

Sinabi ni Jesus na ang kolektor at hindi ang pariseo ang umuwi na pinawalang-sala ng Diyos. Sapagkat ang sinumang nagtataas ng kanyang sarili ay ibaba at ang nagbababa ng kanyang sarili ay itataas.

Ang pariseo sa kuwentong ito ay may sariling pagmamatuwid. Sa sarili niyang paningin, siya ay karapat-dapat sa kaharian ng Diyos dahil sa kanyang mga mabubuting gawa na pagsunod sa batas at ito ang bagay na magpapawalang-sala sa kanya. Subalit tulad ng sinabi ni Cristo sa Kanyang sermon, mapalad ang taong walang sariling katuwiran, nalalaman niya na ang kanyang espiritu ay salat, wala siyang katangiang taglay na katanggap-tanggap sa Diyos, siya ay may kababaang loob, at umaamin siya sa pagiging makasalanan at walang karapatang papasukin sa kaharian ng Diyos. Mapalad siya sapagkat bubuksan sa kanya ang pintuan ng kaharian ng Diyos. Ang gabay sa buhay na mapupulot natin sa pag-aaral na ito ay ang magandang kapalaran na mapapasa-atin kapag tayo ay nabuhay nang may kababaang-loob at pagpapakumbaba sa harapan ng Diyos. Sa pamamagitan ng ganitong *attitude in life* makaiiwas tayo sa pagmamayabang na pinagmumulan ng maraming problema sa ating pakikipag-kapwa-tao.

***Multiple Choice:***

1. Ang mga sumusunod ay mga katangian ng isang taong mapalad maliban sa:
   a. marunong makiramay sa kalungkutan ng ibang tao.
   b. may pusong mapagkunwari.
   c. mababa ang loob.
   d. mapag-ayos ng gulo.

2. Paano mo maisasabuhay ang sinabi sa Mateo 5:3 na mapapalad ang dukha sa espiritu.?
   a. Sa pamamagitan ng paghahanap ng material na kayamanan at tagumpay.
   b. Sa pamamagitan ng paglinang ng kababaang-loob at pagkilala sa iyong pangangailangan sa Diyos.
   c. Sa pamamagitan ng pagtataguyod ng sarili na gamit ang sariling lakas
   d. Sa pamamagitan ng pakikipagkumpetensya sa iba para sa karangalan

3. Ang mapalad na taong inilarawan sa Mateo 5:1-12 ay kinalulugdan ng mundo sa kanilang mga maka-Cristong katangian.
   a. Ang pangungusap na ito ay tama.
   b. Ang pangungusap na ito ay mali.
   c. Ang pangungusap na ito ay kulang ang impormasyon.
   d. Maaaring tama at maaaring mali.

4. Ayon sa Mateo 5:10-12, ano ang dapat mong tugon kapag ikaw ay nahaharap sa pag-uusig dahil sa iyong pananampalataya o pagiging matuwid?
   a. Gumanti o maghiganti
   b. Manahimik at ilihim ang iyong paniniwala
   c. Magalak at magsaya sapagkat ang iyong gantimpala ay nasa langit
   d. Ipagkaila ang iyong pananampalataya upang makaiwas sa pag-uusig

5. Paano nanalangin ang pariseo sa kwento?
   a. Mapagkumbaba siyang nanalangin at ipinagtapat ang kanyang mga kasalanan.
   b. Nanalangin siya nang may pasasalamat para sa kanyang katuwiran at mga gawa.
   c. Hindi siya nanalangin.
   d. Tahimik siyang nanalangin nang hindi umiimik.

6. Ayon sa parable, sino ang umuwi na inaring-ganap sa harap ng Diyos?
   a. Ang pariseo
   b. Ang maniningil ng buwis
   c. Pareho sila
   d. Wala sa kanila

7. Ano ang pangunahing aral na ipinahihiwatig ni Jesus sa parable na ito?
   a. Ang kahalagahan ng mga ritwal sa relihiyon.
   b. Ang kahalagahan ng pampublikong pagpapakita ng pananampalataya.
   c. Ang panganib ng pangsariling katuwiran at ang kahalagahan ng pagpapakumbaba sa harap ng Diyos.
   d. Ang kahalagahan ng pagbibigay sa mahihirap.

© August 29, 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.